Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

74

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG HUNYO 13, 2011, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad - nagpaalam |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 184-T2011**

**KAPASIYAHANG PINAWAWALANG-SALA SI PUNONG BARANGAY JOEY ABRAZALDO NG BARANGAY POBLACION II, BAYANG ITO SA REKLAMONG IDINULOG LABAN SA KANYA NI G. DOMINADOR ALANO HINGGIL SA PAGLABAG SA SEC. 5 NG BATAS-REPUBLIKA BLG. 6713 – CODE OF CONDUCT AND ETHICAL STANDARDS FOR PUBLIC OFFICIALS AND EMPLOYEES.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at napatalang Kaso-Administratibo Blg. 02-T2011 ang reklamong idinulog ni G. Dominador Alano sa sangguniang ito laban kay Punong Barangay Joey Abrazaldo ng Barangay Poblacion II, bayang ito hinggil sa paglabag sa Sec. 5 ng Batas-Republika Blg. 6713 – Code of Conduct and Ethical Standards for Public Officials and Employees;

**SAPAGKA'T,** ito ay dumaan sa pagdinig ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan bilang isang Quasi-Judicial Body;

**SAPAGKA'T,** matapos ang mga pag-aaral at pagsusuri sa naturang reklamo, nalaman ang naging pagtugon ng Punong Barangay sa pagdinig sa reklamo sa kabila nang ito't verbal at walang katitikan sa pinag-usapan;

**SAPAGKA'T,** isinaalaang-alang din sa pag-aaral at pagsusuri ang naging kaabalahan ng naturang Punong Barangay sa pagtutok at pagharap sa maraming gawain at tungkulin nito sa barangay, kung kaya't maaaring isagawa ang muling pag-uusap at pag-aayos sa pamamagitan ng pagpapatawag sa barangay para sa paglilinaw; bagama't hindi nagkaroon ng katugunan sa loob ng 15 araw kung batas ang pagbabatayan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Quasi-Judicial Body), *na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y* kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Ipawalang-sala si Punong Barangay Joey Abrazaldo ng Barangay Poblacion II, bayang ito sa reklamong idinulog laban sa kanya ni G. Dominador Alano hinggil sa paglabag sa Sec. 5 ng Batas-Republika Blg. 6713 – Code of Conduct and Ethical Standards for Public Officials and Employees batay sa isinagawang pag-aral at Desisyong nasusulat dito.

## D E S I S Y O N

## I. PANGYAYARI

Noong Marso 14, 2011 iniharap sa sangguniang ito ang isang reklamong inihain ni G. Dominador Alano laban kay Punong Barangay Joey Abrazaldo ng Barangay Poblacion II at ito'y napatalang Kaso Administratibo Blg. 02-T2011 – Pagwawalang-bahala sa itinatadhana ng Sec. 5, Republic Act 6713 – Code of Conduct and Ethical Standards for Public Officials and Employers.

Batay sa sinumpaang salaysay ni G. Dominador Alano, noong unang linggo ng Enero, 2011 siya ay nagtungo sa Tanggapan ng Punong Barangay Joey Abrazaldo upang hilinging ipatawag ang pamunuan at miyembro ng Kamatoy TODA, Centralite TODA at ang may-ari ng Centralite Canteen dahilan sa pag-okupa sa mga kalye, na kanilang ginawang terminal, na ito ay iligal, at nakapipinsala sa ibang naghahanapbuhay sa trisikulo, lalo na 'yung hindi miyembro ng TODA. Aniya, kanyang sinita si Punong Barangay Abrazaldo na bilang proseso, na sakaling hindi sila magkaayos ng TODA, tatapusin ang tatlong pagdinig, isyuhan siya ng indorsement upang maihain sa piskalya o Hukuman. Ngunit, pagkaraan ng dalawang linggo ay walang katugunan ang kanyang kahilingan kaya't siya'y lumiham sa naturang Punong Barangay na doon ay kanyang binanggit ang isinasaad sa Sec. 5 ng RA 6713. Subalit, anya, lumampas ang takdang panahon na 15 araw upang tugunan ang kanyang liham, hindi nasunod ni Punong Barangay Abrazaldo ang sinasabi ng batas, kung kaya't ito ang kanyang naging batayan para sa pagsasampa ng kaso-administratibo laban sa naturang Punong Barangay. Aniya, bagama't natanggap niya ang sulat (patawag) noong Marso 7, 2011 hindi na ito ang pag-uusapan kundi iyong sinasabi ng Sec. 5, RA 6713.

Sa tugon at salaysay ni Punong Barangay Joey Abrazaldo, kanyang pinatunayan ang pagpunta sa kanyang tanggapan ni G. Dominador Alano upang humingi ng patawag sa Kamatoy TODA, Centralite TODA at kay G. Arevalo, ang may-ari ng Centralite. Bagama't pinayuhan niya si G. Alano na lumiham at kanyang idudulog sa Liga ng mga Barangay, tinugon ng nagrereklamo na hindi na kailangan. Dahil dito, kanyang sinabihan si G. Alano na bumalik sa araw ng Biyernes para mai-set ang patawag. Aniya, "okey", maganda ang kanilang pag-uusap. Ngunit hindi naman aniya nagpunta si G. Alano noong araw ng Biyernes.

Pebrero 4, 2011 nang basahin ni Punong Barangay Abrazaldo ang liham mula kay G. Dominador Alano, na doon ay nakasaad na kailangang mabigyan ito ng aksyon sa nilolooban ng 15 araw. Pebrero 16, 2011, kanyang ipinatakda sa Kalihim ng Barangay ang patawag para sa paghaharap nina G. Dominador Alano at mga Presidente at miyembro ng Kamatoy TODA at Centralite TODA. Ngunit nang kanyang tingnan ang petsa ng liham, ito ay Enero 27, 2011, na lumampas sa takdang oras. Siya, aniya ay nagkamali dahil ang akala niya ay Pebrero 4, 2011 dumating ang liham

Makaraan ang patawag ng Kgg. Kag. Rizaldy N. Kalaw kay Punong Barangay Joey Abrazaldo, upang magkaharap ng Kgg. Kag. Ronald P. Obligacion, Pangulo ng Liga ng mga Barangay, at G. Lenie R. Bautista, Pinuno ng DILG sa bayang ito, kaugnay ng reklamo ni G. Alano, nagpagawa ng patawag kay G. Dominador Alano ang Punong Barangay Joey Abrazaldo, para sa Marso 7, 2011. Ito anya ay kaniyang inihulog, may sipi sila nito.

## II. PAG-AARAL / OBSERBASYON

Sa isinagawang pagdinig / summary proceedings sa usaping ito, napatunayan ang mga sumusunod:

1. Noong magreklamo si G. Dominador Alano tungkol sa mga TODA, dininig naman ni Punong Barangay Joey Abrazaldo, sa pamamagitan ng verbal. Ang pagkukulang lang dito, hindi naitala sa katitikan ang pag-uusap nila. Verbally, natugunan ni Punong Barangay Joey Abrazaldo ang kanyang tungkulin.

2. Isinaalang-alang ng Quasi-Judicial Body na ang Punong Barangay ay maraming gawain, na sa dami ng ginawa, minsan ay may nalilimutan. Binigyang-halaga ang nauna nang pag-uusap nina G. Dominador Alano at Punong Barangay Joey Abrazaldo kaya't ang maaaring mangyari ay mag-usap muli, na bagama't may batas ay pwedeng pagbigyan, at pwedeng i-schedule muli ang pagpapatawag.

3. Naging katwiran ng dumidinig na lupon na porke hindi sumagot sa nilolooban ng 15 araw ay irereklamo agad ang Punong Barangay dito sa Sang. Bayan. Mainam na si G. Alano ay magsadya muli sa Tanggapan ng Punong Barangay para sa malinaw na pag-uusap.

## III. PASIYA

Dahilan sa natugunan verbally ni Punong Barangay Joey Abrazaldo ang kanyang tungkulin kaugnay ng idinulog ni G. Dominador Alano siya ay **PINAWAWALANG-SALA** sa paglabag sa Sec. 5 ng RA 6713.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal, Punong Barangay Joseph Abrazaldo, G. Dominador Alano at Liga ng mga Barangay, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Hunyo 13, 2011**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

**KGG. RAMON D. TAN**
Kagawad

**KGG. FLORENCIO C. ODEJAR**
Kagawad

**KGG. RIZALDY N. KALAW**
Kagawad

**KGG. LAURA P. OBLIGACION**
Kagawad

**KGG. JUN M. ASINAS**
Kagawad

**KGG. ROLANDO MOISES E. ACAPULCO**
Kagawad

**KGG. SERAFIN C. SAN JUAN, JR.**
Kagawad

**KGG. RONALD P. OBLIGACION**
Kagawad

**KGG. JOSE MAURO D. GABINETE**
Kagawad

NAGPATOTOO:

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo